

- Piliin ang angkop na pangungusap o pahayag sa bawat sitwasyon.***

13. Aling pangkat ng pang-uri ang nasa kayariang tambalan?
a. A b. B c. C d. D
14. Ang mga batang lansangan ay _____ ng kanilang mga leksyon nang sila ay sumailalim sa pagtuturo ng kanilang idolo.
a. maingay na nagbasa c. matiyagang nagmasid
b. magalang na nagsasalita d. masiglang nag-aral
15. Ayon sa ating panitikan, si Maria Clara ang tinaguriang _____ na dalaga dahil simbolo sya ng kababaihang Pilipina.
a. pinakamahinhin c. mas mahinhin
b. mahinhin-hinhin d. higit na mahinhin
16. Marami ng kababayang dumating at umalis ng bansang Dubai kung saan nagtatrabaho si Mang Jose. Siya ang _____ sa kanila na nagtatrabaho doon.
a. matagal c. matagal-tagal
b. pinakamatagal d. higit na matagal
17. May ilang naniniwala rin na _____ sa street –dancing ang mga taga-Iloilo sa buong Kabisayaan.
a. ubod ng husay c. sobrang maindayog
b. mas kahali-halina d. totoong malikhain
18. Marami ng kababayang dumating at umalis sa bansang Dubai kung saan nagtatrabaho si Mang Jose. Siya ay _____ sa kanila na nagtatrabaho doon.
a. matagal c. matagal-tagal
b. pinakamatagal d. higit na matagal

C. Pandiwa

19. Malakas ang ukan kahapon kaya _____ sa karamihang lugar ng Metro Manila
a. Binabaha c. babaha
b. Bumabaha d. bumaha
20. Isa sa pangunahing dahilang _____ ng mga eksperto ay ang unti-unting pagkasira ng ating mga yamang –tubig tulad ng mga lawa at ilog.
a. Ibinigay c. binibigyan
b. Ibinibigay d. binigyan
21. Ang pagtingin naman ng leybel ng de lata o gamut ay _____ sa pagtiyak sa nilalaman nito bago bilhin.
a. Tumutulong c. tinutulungan
b. Makatutulong d. nagpapatulong
22. Marami tayong _____ sa pagbabasa na magagamit natin sa pang araw-araw na buhay.
a. Matututo c. matututuhan
b. Natutuhan d. natututo
23. Dahil sa itong nakawiwing pagdiriwang, maraming turista ang _____ nitong nakaraang taon.
a. nagsisipagbalikan c. magsipagbalikan
b. magsisipagbalikan d. nagsipagbalikan
24. Nagkaroon siya ng sariling bahay at napagtapos ng pag-aaral ang mga anak, kaya naman kaagad _____ ang mga ito.
a. nagtrabaho c. magsitrabaho
b. nagsitrabaho d. nakapagtrabaho
25. Siya ay kilala n gating lipunan sa gayong taguri at _____ iunspirasyon sa maraming kababaihan noon.
a. magbigay c. nagbigay
b. magbibigay d. nagbibigay
26. Tuwang-tuwa si Mang Enteng sa kanyang mag-inang kambing na (gala) sa kanilang manggahan tuwing umaga.
a. Ma b. in c. an d. um
27. Ngunit may isang tao pala na (inaabang-abang) ang mga kambing, si Mang Doming na mahilig mangaso.
a. An b. in c. um d. ma

28. Malaking pinsala ang dulot ng nagdaang bagyo kaya _____ (tulong) ang pamahalaan sa mga nasalanta.
 a. an b. in c. mag d. um
29. Ang anumang bagay bago bilhin ay dapat _____ (suri) ng mabuti.
 a. nag b. um c. in d. an
30. Natuklasan ni aling Auring na di marunong (gamit) ng iba't ibang kulay ng krayola ang bunsong anak na si Junior.
 a. an b. in c. ma d. um
31. Inutusan siya ng magulang na (asikaso) ang paggawa ng kanyang proyekto sa paaralan.
 a. hin b. han c. mag d. nag
32. Ang tao ay di dapat _____ (asa) sa mga suwerteng darating sa kanya bagjus kailangan ang sipag at tiyaga.
 a. an b. um c. I d. han
33. Ang mga taong may mabubuting gawa ay dapat _____ (tulad) ng mga kabataan.
 a. an b. in c. um d. ma
 b.

Tingnan ang pandiwang may guhit sa bawat pangungusap. Nasa anong aspekto ito?

34. Masisiglang gumagawa ang mga tao sa Barangay.
 a. gaganapin b. ginaganap c. naganap d. di-ginaganap
35. Lagi nilang sabi na kailangang malinis palagi ang pamayanan.
 a. gaganapin b. ginaganap c. naganap d. di-ginaganap
36. Ang panlaping in, kapag ginagamit sa salitang-ugat na tawag as magiging _____ sa aspektong ginaganap.
 a. tinawag b. tatawagin c. tinatawag d. tatinawag
37. Ang salitang-ugat na luto, kapag ginagamitan ng panlaping mag ay magiging _____ sa aspektong gaganapin.
 a. nagluluto b. magluto c. magluluto d. nagluto

D. PANG-ABAY

Pillin ang Ingklitik sa pangungusap. Isulat ang tamang titik nito sa sagutang papel.

38. Huwag sana mahuli si Lito sa patimpalak.
 a. Huwag b. sana c. si d. sa
39. Sampu lamang ang makakasama sa darating na paligsahan.
 a. Sampu b. lamang c. sa d. na
 b.

Piliin ang sugnay na pang-abay sa pangungusap.

40. Dumating sina Roy at Rico kung kailan tapos na ang palabas.
 a b c d
41. Nang maka-alis na ang mga tao; niligpit nina Fe at May ang mga silya.
 a b c d
42. Ipinagmamalaki naman ng mga taga-Baguio ang Panagbenga _____ na ipinarada ang iba't ibang uri ng mga bulaklak.
 a. Kung umiikot c. habang buong gilás
 b. sana maagap d. kapag nakalibot habang idinaraos
43. Masaya silang namamasyal nang may _____ umagaw sa kanyang shoulder bag.
 a. Agad c. nag-aapurang
 b. Biglang d. nagmamadaling
44. Sa kasalukuyan, tinatayang nasa 30 porsiyento ang ibinaba ng antas ng reserbang tubig sa bansa. Bunga nito, _____ ding bumaba ang suplay ng tubig sa mga kabahayan.
 a. Malaki c. marami
 b. Mataas d. mabilis

E. PANGATNIG

Pumili ng angkop na pang-ugnay sa kahon upang mabuo ang pangungusap

a. kung	b. at	c. kapag	d. dahil
---------	-------	----------	----------

45. Gumawa ng bakod paikot sa parke ang mga lalaki ____ nagtatanim naman ang mga babae ng mga halamang-ugat.
46. Tiyak na babala sa lugar naming ____ dumating ang tag-ulan.
47. Malulutas ang problema natin ____ may tiwala tayo sa Diyos.
48. Mas uunlad ang ating ekonomiya ____ tuluy-tuloy ang pagdating ng mga dayuhang turista sa bansa.
- a. Nang b. kapag c. kaya d. upang
49. Sa pagdan ng panahon ang dating mga kababaihang tulad ni Maria Clara ay nagbago at anging moderno na, ____ ang pagka Pilipina ay naroon pa rin.
- a. ngunit b. dahil c. kapag d. sapagkat
50. Nagsikap mag-aral nang mabuti si Loraine ____ ang kanyang mga magulang ay naghahanap-buhay sa ibang bansa.
- a. at b. dahil c. habang d. ngunit
51. Mahirap mawalay sa pamilya at manirahan sa ibang bansa ____ ang lahat ng ito ay kayang tiisin upang maitaguyod ang pamilya.
- a. habang b. ngunit c. dahil d. kaya
52. Maging larangan ng fashion ay dir in tayo pahuhuli, ____ sa ganda at husay nating manumit.
- a. dahil b. ukol c. para d. ayon
53. Ang magandang kinabukasan ay bunga ng pagkakaroon ng tamang edukasyon, tamang saloobin at inspirasyon ng Panginoon ____ sikaping makatapos ng pag-aaral at linangin ang tamang pag-uugali.
- a. kung b. kaya c. upang d. at saka
54. Hindi pa kami nakarating ____ sa lakas ng ulan.
- a. kasi b. dahil c. kaya d. pagka't
55. Madaling malulutas ang ganitong problema ____ nangangailangan ito ng pagtutulungan.
- a. at b. habang c. kaya d. ngunit
56. Mahalaga ang pagbabasa ng mga roadsigns ____ maging ligtas tayo saating paroroonan.
- a. ngunit b. kaya c. upang d. dahil

F. PANG-ANGKOP

- 57 . Karamihan sa kanila ay nagiging matagumpay at may maganda __ pamumuhay.
- a. sa b. na c. ng d. g
58. Isa rito ay ang kilala __ Sinulog ng mga Cebuano.
- a. nang b. nag c. ng d. na
59. Bagama't nagtapos bilang "cum laude", si Efren ay nagging masigasig sa pagtuturo sa mga bata __ di nakapag-aral ng pormal.
- a. sa b. ang c. ng d. at
60. Sa nakalipas na 20 taon, patuloy ang pagbaba sa antas __ reserbang tubig taun-taon.
- a. ng b. nitong c. sa d. nang
61. Ang ating mga manggagawa __ Pilipino ay lubhang kinalulugdan ng mga taga-ibang bansa.
- a. g b. na c. sa d. na
62. Ang taong matiyaga ay karaniwang nakukuha ang mga ninanasa ____ ang mga taong tamad naman ay madalas hungkag ang kabuhayan.
- a. kung b. kapag c. kaya d. habang
63. Inaalagaan siya ni Lola kaya panatag ang loob ng kanyang mga magulang.
- a. naman b. kaya c. raw d. nga